AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 53**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 53** |
|---|
| Theme: Mga Kwento Mula Sa Ating Pagkabata, Tila Na Iba? - "Isang Araw Tinamad Ang Langgam" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

Isang Araw Tinamad Ang Langgam

**WRITING PROMPT LESSON 53**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, ating babalikan ang isang kwentong pambatang malamang ay nabasa o narinig mo na. Naaalala mo ba ang kwento ng langgam at tipaklong? Ayon dito, kaya nanatiling malusog si Langgam sa tag-ulan ay dahil nagsipag siya at naghanap ng makakain kahit mahirap. Ngunit paano kung isang araw biglang tinamad ang langgam? Ano kayang mangyayari sa ating kwento?

**II.Writing Prompt of the Day**

Ipasok ang iyong sarili bilang kaibigan ni langgam, ikaw si Amparo Paruparo. Matalik kang kaibigan ni langgam. Kakwentuhan mo siya habang kayo'y naghahanap ng pagkain sa kapatagan. Isang araw, hindi dumating si Langgam. Kaya't nagdesisyon kang lumipad patungo kay Langgam. Pagdating mo doon, nakita mong nakahiga lang ito at tamad na tamad.

•Sa pag-uusap niyo ni Langgam, bakit kaya siya tinatamad?
•Anong ibibigay mo sa kanya para mas mahikayat siya sa pagtatrabaho?
•Anong sasabihin mo para samahan ka niyang muling magtrabaho sa kapatagan upang makahanap ng pagkain?

**III.Teacher's Message**
Isulat ang iyong kwento at ating alamin kung paano muling magiging masipag si Langgam! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."